Ang American Civil Liberties Union (ACLU) ay isang pambansa, hindi pinagkakakitaan, hindi makapartidong organisasyon na may higit sa 500,000 na tapat na mga miyembrong nagtatanggol sa mga prinsipyo ng kalayaan at pagkakapantay-pantay, na nakapaloob sa Konstitusyon at sa ating mga batas ukol sa karapatan ng mga mamamayan. Ang ACLU ay hindi nagrerekomenda o sumasalungat sa sinumang kandidato o anumang partido, ngunit kami ay naniniwala na walang karapatan ng mga mamamayan sa ating demokrasya, ang mas mahalaga kaysa sa karapatang bumoto.

Ang layunin ng kard na ito ay upang matulungan kang mapangalagaan ang iyong karapatan sa pagboto. Lagi itong ihanda, at iyong dalihin sa presinto kung saan boboto, sa Araw ng Halalan.

ACLU
AMERICAN CIVIL LIBERTIES UNION

SINU-SINO ANG MAAARING BUMOTO

Maaari ba akong bumoto sa Alaska?

■ Ikaw ay maaaring bumoto sa halalan sa ika-4 ng Nobyembre, kung ikaw ay nakarehistrong bumoto sa Linggo, ika-5 ng Oktubre, 2008.

■ Ikaw ay maaaring makapagparehistro kung taglay mo ang **lahat** ng mga sumusunod na kuwalipikasyon:

(1) ikaw ay isang mamamayan ng U.S.;

(2) ikaw ay 18 na taong gulang na sa Araw ng Halalan;

(3) ikaw ay hindi nakakulong, ni nasa ilalim ng subok na paglaya o paglayang may-pasubali sa kasalukuyan, dahil isa ilang mabigat na mga krimen; at

(4) ikaw ay hindi nakarehistro sa ibang estado.

Paano kung ako ay isang estudyante?

■ Ikaw ay maaaring makapagparehistro upang makaboto saanmang adres na itinuturing mo bilang iyong pangunahing tirahang ligal. Ito ay maaaring ang adres ng iyong paaralan o adres ng iyong tahanan.

Paano kung ako ay nahatulan sa pagkakasala?

■ Kung ikaw ay nahatulan sa maliit na pagkakasala, ikaw ay maaaring bumoto, ngunit kinakailangan mong bumoto sa pamamagitan ng isang balota ng pagliban kung ikaw ay nasa kulungan pa.

■ Kung ikaw ay nahatulan sa isang federal o pang-estadong hukuman dahil sa ilang mabibigat na krimen, ikaw ay maaaring bumoto kung ikaw ay hindi nakakulong, ni nasa ilalim ng subok na paglaya o paglayang may-pasubali, sa kasalukuyan. Ang iyong karapatang bumoto ay awtomatikong ibabalik sa pagganap mo ng iyong sentensya, ngunit kinakailangan mong magbilang ng isang kopya ng mga papeles ukol sa iyong paglaya, kasama ang iyong aplikasyon sa pagpaparehistro bilang botante.

Paano kung ako ay isang bagamundo?

■ Hindi mo kailangang magkaroon ng tahanan upang makapagparehistro, ngunit kinakailangan mong magtiyak ng isang lugar na pinananahanan (na maaaring isang sulok ng kalye, isang parke, isang kanlungan, o iba pang lugar kung saan ka madalas namamalagi).

PAGREREHISTRO

Paano ako makapagpaparehistro?

■ Ikaw ay maaaring magparehistro upang makaboto:

(1) **nang personal**, sa pamamagitan ng pagsagot ng isang formularyo ng pagpaparehistro ng botante, sa tanggapan ng iyong Dibisyon ng Halalan;

(2) **sa pamamagitan ng koreo o fax**, sa pamamagitan ng pagsagot sa isang ipinadalang formularyo ng pagpaparehistro ng botante at sa pagpapadala nito sa koreo o sa pamamagitan ng pag-fax nito sa lokal na tanggapan ng iyong Dibisyon ng Halalan; o

(3) **kapag ikaw ay nagharap ng kahilingan ukol sa mga serbisyo** sa Department of Motor Vehicles o sa mga pang-estadong ahensya na nagdudulot ng tulong sa publiko (tulad ng Medicaid, WIC, at mga proyekto sa pagpapakain) o mga serbisyo para sa mga taong may kapansanan. Ikaw ay maaari ring makapagparehistro sa marami pang ibang mga pederal at pang-estadong mga tanggapan at ahensya.

■ Ikaw ay maaaring makakuha ng ipinadadalang mga formularyo ng pagpaparehistro ng botante mula sa lokal na tanggapan ng iyong Dibisyon ng Halalan, mula sa halos lahat ng mga aklatan, mga kolehiyo at hayskul, o online sa http://www.elections.state.ak.us/regapp.php.

Kailan ang huling-araw ng pagpaparehistro?

■ Linggo, ika-5 ng Oktubre

Paano kung hindi ako nakaabot sa huling-araw ng pagpaparehistro?

■ Hindi ka makakaboto sa halalan na magaganap sa ika-4 ng Nobyembre, ngunit ikaw ay maaaring magparehistro upang makaboto sa mga halalan sa hinaharap.

Paano kung ako ay lumipat o nagpalit ng aking pangalan?

■ Kinakailangan mong ilipat ang iyong rehistro sa iyong bagong presinto sa tuwing ikaw ay lilipat. Kung ikaw ay lumipat bago ang huling-araw ng pagpaparehistro, at hindi mo inilipat ang iyong rehistro, ikaw ay maaaring bumoto gamit ang isang mapag-aalinlanganang balota sa iyong bagong presinto. BILANG § 15.07.090.

■ Kung pinalitan mo ang iyong pangalan, ikaw ay maaari pa ring bumoto gamit ang iyong dating pangalan. Ngunit, kung nais mong bumoto gamit ang iyong bagong pangalan, kinakailangan mong bumoto gamit ang isang mapag-aalinlanganang balota, kapag ikaw ay hindi nagparehistro muli. BILANG § 15.07.090.

Paano ko malalaman kung ako ay nakarehistro?

■ Maaari mong tiyakin ang kalagayan ng iyong pagkakapagrehistro sa pamamagitan ng pagtawag sa tanggapan ng klerk ng iyong lungsod o munisipalidad.

PAGBOTO NANG MAAGA

Maaari ba akong bumoto nang mas maaga kaysa sa Araw ng Halalan?

■ Oo. Ang sinumang botante na nakarehistro ay maaaring bumoto nang mas maaga kaysa sa Araw ng Halalan sa pamamagitan ng pagpasa ng isang balota ng pagliban o sa pamamagitan ng personal na pagpasa ng balota sa isang sentro para sa maagang pagboto.

Paano ako makakukuha ng isang balota ng pagliban?

■ Kinakailangan mong magsumite ng isang aplikasyon nang hindi lalagpas sa 10 araw bago ang Araw ng Halalan, kung ikaw ay nakapagparehistro na upang makaboto. Kung ikaw ay hindi pa nakapagpaparehistro, ang iyong aplikasyon at rehistrasyon ay kinakailangang matanggap o ma-postmark nang hindi lalagpas sa 30 araw bago ang Araw ng Halalan. Ikaw ay maaaring personal na magharap ng aplikasyon para sa pagliban na pagboto, o sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng pag-fax, pag-scan, o paggamit ng iba pang electronic na paraan ng pagpapadala, at ikaw ay maaaring mag-download ng aplikasyon mula sa http://www.elections.alaska.gov/forms/c06.pdf.

Kailan ang huling-araw ng pagsasauli ng aking balota ng pagliban??

■ Upang ito ay mabilang, ang iyong balota ng pagliban ay kinakailangang matanggap o ma-postmark nang hindi lalagpas sa oras ng katapusan ng pagbibilang sa Araw ng Halalan.

PAGBOTO SA ARAW NG HALALAN

Kailan ang Araw ng Halalan?

■ Martes, ika-4 ng Nobyembre

Tuwing kailan bukas ang mga presinto?

■ Ang mga presinto ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi. Ikaw ay may karapatang bumoto kapag ikaw ay nakapila o kapag ikaw ay nasa loob na ng lugar na iyong pagbobotohan bago magsara ang mga presinto. BILANG § 15.15.320.

Maaari ba akong lumiban sa trabaho upang makaboto?

■ Marahil. Kung ang oras ng iyong trabaho ay hindi nagbibilang ng dalawang oras na magkasunod para sa pahinga, na magpapahintulot sa iyo upang makaboto habang bukas ang mga presinto, ikaw ay may karapatang lumiban sa trabaho, nang may bayad, dahil kinakailangan mong bumoto. Kinakailangan mong subukang abisuhan nang mas maaaga ang nagpapatrabaho sa iyo, kung kailangan mong lumiban sa trabaho upang bumoto.

Saan ako boboto?

■ Sa Araw ng Halalan, kailangan mong bumoto sa presinto kung saan ka itinalaga.

■ Ang iyong pinagtalagahang presinto ay iilista sa ID kard ng botante na iyong dapat matanggap sa koreo kapag ikaw ay nakapagparehistro.

■ Kung wala sa iyo ang iyong kard, maaari mong tawagan ang tagapaghanap ng presinto ng Alaska sa numero bilang 1-888-383-8683 o hanapin ang iyong presinto online sa http://www.elections.alaska.gov/polling.php.

Paano kung ang aking presinto ay mahirap mapuntahan?

■ Kung iyong malaman ito bago ang Araw ng Halalan, agad na tawagan ang iyong Panrehiyon na Tanggapan para sa Halalan at humiling ng akomodasyon. Ikaw ay may karapatang makabahagi sa isang dakong

(continued on reverse)

■ **ALASKA DIVISION OF ELECTIONS:**
(907) 465-4611

■ **U.S. DEPARTMENT OF JUSTICE:**
(800) 253-3931

■ **ACLU VOTING RIGHTS PROJECT:**
(877) 523-2792
http://www.votingrights.org

■ **ACLU OF ALASKA:**
(907) 276-2258

ACLU
AMERICAN CIVIL LIBERTIES UNION

125 BROAD STREET 18TH FLOOR
NEW YORK, NY 10004-2400

pagbobothan at isang magagamit na aparato para sa pagboto. O, kung iyong mas gugustuhin, ikaw ay maaaring humiling ng isang balota ng tanging pangangailangan, na maaaring dalhin sa iyong tahanan ng isang itinalagang kinatawan.

■ Sa Araw ng Halalan, ikaw ay maaaring magsama nang hanggang dalawang tao upang tumulong sa iyo, o maaari mong hingan ng tulong ang hukom ng halalan sa presinto upang tulungan ka. Ikaw ay may karapatang humingi ng tulong mula kaninoman na iyong nais, hangga't ito ay hindi ang nagpapatrabaho sa iyo, isang ahente ng nagpapatrabaho sa iyo, o isang opisyal o ahente ng unyon ng iyong trabaho. BILANG § 15.15.240

Ako ba ay maaaring makakuha ng balotang nakasulat sa aking katutubong wika?

■ Ang ibang mga munisipalidad o mga dako ng sensus sa Alaska ay inatasang magdulot ng tulong ukol ukol sa wika, para sa mga taga-Alaska, taga-Aleutia, Amerikanong Indian, taga-Athabasca, Chickasaw, Eskimo, Filipino, at Yup'ik, pati na rin ang iba pang katutubong wika ng Alaska at ng mga Amerikanong Indian. Makipag-ugnay sa lokal na tanggapan ng iyong Dibisyon ng Halalan bago dumating ang Araw ng Halalan, upang malaman kung ano ang mayroon sa iyong lugar. Ang mga nagtatrabaho sa presinto sa mga lugar kung saan kinakailangan ang tulong sa wika ay kinakailangang mag-alok ng gamitong tulong sa iyo. Kung hindi, magsabi sa isang nagtatrabaho sa presinto na nais mong makakuha ng tulong para sa isa sa mga wikang ito. Ikaw ay may karapatang makakuha ng tulong ukol sa wika, para sa mga balota at iba pang mga dokumentong ukol sa halalan.

■ Kahit na ang tulong sa iyong wika ay hindi hinihiling o hindi idinudulot sa lugar na iyong pinagbobotohan, ikaw ay may karapatan pa ring magsama ng isang tagasalin sa presinto o makakuha ng tulong para sa iyong wika mula kaninoman na iyong nais, kabilang ang nagtatrabaho sa presinto, hangga't ang taong iyon ay hindi ang nagpapatrabaho sa iyo, isang ahente ng nagpapatrabaho sa iyo, o isang opisyal o ahente ng unyon ng iyong trabaho.

Paano kung kailangan ko ng tulong sa kubol na pagbobotohan?

■ Kung kailangan mo ng tulong dahil sa pisikal na kapansanan o dahil hindi mo mabasa ang balota, magpasabi sa isang nagtatrabaho sa presinto pagdating mo sa lugar na iyong pagbobotohan. Ikaw ay may karapatang magsama ng hanggang dalawang taong nais mong tumulong sa iyo, sa kubol na pagbobotohan, kabilang ang hukom ng halalan, hangga't ang tutulong ay hindi ang nagpapatrabaho sa iyo, isang ahente ng nagpapatrabaho sa iyo, o isang opisyal o ahente ng unyon ng iyong trabaho. BILANG § 15.15.240.

■ Kung kailangan mo ng mga pagtuturo tungkol sa paggamit ng kagamitan para sa pagboto, humingi ng tulong mula sa isang nagtatrabaho sa presinto. Ang mga nagtatrabaho sa presinto ay inatasang tumulong sa iyo, anumang oras na iyong hilingin—kahit pagkatapos mo nang makapasok sa kubol na pagbobotohan.

ID NG BOBOTO

Kailangan ko bang magpakita ng ID?

■ Marahil. Hinihiling ng batas ng Alaska na magpakita ang lahat ng mga boboto ng ilang uri ng pagkakakilanlahan bago makatanggap ng balota. Maaaring palagpasin ng isang opisyal ng halalan sa mga presinto ay ang kahilingang ito, kung ikaw ay kaniyang kakilala at kung ikaw hindi boboto sa Alaska sa unang pagkakataon na nagparehistro sa pamamagitan ng koreo, at hindi nagdulot ng anumang pagkakakilanlan noong ikaw ay nagparehistro. BILANG § 15.15.225.

Anu-ano ang mga uri ng ID na tinatanggap?

■ Kabilang sa mga uring tinatanggap ay ang opisyal na kard ng pagpaparehistro ng botante, lisensya sa pagmamaneho, kard ng pagkakakilanlan sa estado, kasalukuyan at wastong pagkakakilanlan sa larawan, sertipikasyon ng pagsilang, pasaporte, o lisensya sa pangangaso o pangingisda; o orihinal na kopya ng isang kasalukuyang kwenta sa paggamit, pahayag ng bankgo, tseke ng sweldo, tseke mula sa gobyerno, o iba pang dokumentong may kinalaman sa gobyerno. Kinakailangang nakasaad sa iyong ID ang iyong pangalan at kasalukuyang adres. BILANG § 15.15.225.

Paano kung wala akong anumang ID?

■ Kung ikaw may nakikilala sa mga opisyal ng halalan sa lugar na iyong pagbobotohan, hilingin mula sa kaninoman sa kanila na palapagpasin ang kahilingan ukol sa ID, para sa iyo. Ikaw ay maaaring magpasa ng isang regular na balota kung ang mga kinailingan ukol sa ID para sa mga boboto sa unang pagkakataon ay hindi mo magagamit, at kung may opisyal ng halalang nakakikilala sa iyo. BILANG § 15.15.225

■ Kung hindi, humiling ng isang mapag-aalinlanganang balota. Ikaw ay maaaring magpasa ng isang mapag-aalinlanganang balota nang walang ID, ngunit ang balotang iyon ay hindi mabibilang kung hindi mo dadalhin ang iyong ID sa lokal na tanggapan ng halalan, bago matapos ang araw ng pagtatrabaho sa Huwebes, ika-6 ng Nobyembre. Kung ikaw ay may oras at may ID sa bahay o sa trabaho, mas mainam na kunin na lamang ang ID at bumalik sa mga presinto upang makapagpasa ng regular na balota.

MGA PROBLEMA SA MGA PRESINTO

Paano kung hindi ako kabilang sa listahan ng mga boboto?

■ Una, hilingin sa nagtatrabaho sa presinto na muling tingnan ang listahan at kumpirmahin na ikaw ay nasa wastong presinto na tumutugma sa iyong adres.

■ Kung ikaw ay nasa wastong presinto ngunit ang iyong pangalan ay hindi kabilang sa listahan ng mga botante, humiling ng isang mapag-aalinlanganang balota. Ikaw ay may karapatang magpasa ng isang mapag-aalinlanganang balota, kahit na hindi kabilang ang iyong pangalan sa listahan ng mga botante. BILANG § 15.07.010; § 15.15.198.

Paano kung hindi wasto ang napuntahan kong presinto?

■ Magpunta sa wastong presinto. kaw ay maaaring humingi ng tulong sa isang nagtatrabaho sa presinto, upang mahanap ang presinto kung saan ka nakarehistro. Ikaw ay maaari ring tumawag sa iyong lokal na tanggapan ng halalan, o hanapin ang iyong presinto online sa http://www.elections.alaska.gov/polling.php.

■ Kung hindi mo maalaala kung saan ka nagparehistro, magpunta sa presinto na tinatantiya mong pinakawasto, at humingi ng isang mapag-aalinlanganang balota. Ikaw ay may karapatang magpasa ng isang mapag-aalinlanganang balota kahit na hindi ka sigurado na ikaw ay nasa nakatong presinto. BILANG § 15.07.010.

Paano kung may taong tumututol sa aking karapatang bumoto?

■ Humingi ng isang mapag-aalinlanganang balota. Ikaw ay may karapatang bumoto gamit ang isang mapang-aalinlanganang balota kung ikaw ay lumagda sa isang kasulatan na sumusumpang may-pagtitiwala na ikaw ay may karapatang bumoto. BILANG § 15.15.210. Ang mga opisyal ng halalan ay magpapasiya ukol sa hamon bago pagtibayin ang mga resulta ng halalan.

Paano kung may taong manakot o manggulo sa akin?

■ Sabihin agad sa nagtatrabaho sa presinto. Kung ang nagtatrabaho sa presinto ang problema, magsumbong sa tagamasid ng presinto, tumawag sa iyong lokal na tanggapan ng halalan, tumawag sa isa sa mga numero ng teleponong nakalista sa huliihan ng card na ito, o magsagawa ng reklamo online sa http://www.votingrights.org.

Paano kung ako ay makagawa ng pagkakamali sa aking balota o kapag nasira ang aparato ng pagboto?

■ Sabihin sa nagtatrabaho sa presinto bago ipasa ang iyong boto. Kung iyong nasira ang papel na balota, ikaw ay may karapatan sa hanggang tatlong pamalit na balota, basta't iyong malaman ang iyong pagkakamali bago mo ipasa ang iyong balota. BILANG § 15.15.250.

Paano ako maghaharap ng reklamo?

■ Una, makipag-usap sa isang tagapamahala ng halalan sa iyong presinto. Siya ay may kakayahang pangasiwaan ang halos lahat ng mga reklamo sa pagsasagawa, na nagaganap sa Araw ng Halalan. Ang mga Kandidato, mga partidong politikal, at mga pangkat na hindi pinagkakakitaan ay maaari ring may mga kasaping tagamasid sa iyong presinto, na makatutulong sa iyo. Kung sinoman sa kanila ang magtanong sa iyo kung sino ang iyong binoto, o kung hindi nila malutasan ang iyong reklamo, tumawag sa iyong lokal na tanggapan ng Dibisyon ng Halalan.

■ Ikaw ay maaari ring tumawag sa isa sa mga numero ng teleponong nakalista sa huliihan ng kard na ito, o magsagawa ng reklamo online sa http://www.votingrights.org.

MGA PAALALA UPANG MAKAIWAS SA MGA PROBLEMA

■ Siguruhin ang kalagayan ng iyong pagkarehistro sa loob nang kahit 30 araw bago ang halalan.

■ Bumoto bago ang Araw ng Halalan, gamit ang maagang pagboto o pagliban na pagboboto, kung ikaw ay may karapatang isagawa ito.

■ Kung iyong balak na bumoto sa mga presinto, hanapin ang iyong presinto sa loob nang kahit 30 araw bago ang halalan.

■ Bumoto nang maaga sa naturingang araw upang maiwasan ang pagmamadali.

■ Magdala ng ilang dokumento ukol sa iyong pagkakakilanlan.

■ Basahin nang may panuto ang lahat ng mga pagtuturo.

■ Humingi ng tulong kung ito ay iyong kailanganin.

■ Huwag magmadali.

ALASKA

KARD NA NAGBIBIGAY
KARAPATAN SA BOTANTE 2008

ACLU
AMERICAN CIVIL LIBERTIES UNION